

# KIAN Kumusta Kawasaki

KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koryano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo  
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

## Pagtatapon ng basura



Paraan ng pagtatapon ng basura (4 na klase ng basura sa Siyudad ng Kawasaki)\*\*\*\*\*

Pangkaraniwang basura . . . . basura sa kusina, kahoy, papel atbpa

Basurang recyclable . . . . basyong lata, pet bottles, basyong bote at gamit na baterya

Malalaking basura (may bayad) lutuan, mga gamit na ilaw, silya, mesa, maleta, bisekleta kabinet etc.

Maliliit na bagay na metal . . . . hindi lalampas ng 30cm na mga basurang gawa sa metal tulad ng payong at alambre gaya ng hanger. Atbp.

- Sa siyudad ng Kawasaki, ang pangkaraniwang basura ay kinukolekta ng 3 beses sa isang linggo, ang mga reclable ay 1 beses sa isang linggo. Ang malalaking basura ay ina-aplay by phone, itinatapon pagkatapos bumili ng tiket. (200 yen hanggang 1000 yen depende sa klase at laki)
- Bawal magtapon sa gabi, kailangan alas 8 ng umaga sa nakatalagang lugar ng tapunan at nakalagay sa semi-transparent na supot.
- Depende sa distrito, ang araw ng koleksyon ng basura ay iba, para sa detalye, basahin ang [Paraan ng pag-uuri-uri at pagtatapon ng basura at recyclables ng Siyudad ng Kawasaki]. Matatagpuan ito sa mga ward offices at sa International centers o tignan sa HP.

Kawanihan ng kapaligiran: <http://www.city.kawasaki.jp/30/30genryo/home/menu.htm>

Kawasaki city: [http://www.city.kawasaki.jp/index\\_e.htm](http://www.city.kawasaki.jp/index_e.htm)

## Maghreb cooking sa Kawasaki International Center

Halina at subukan ang pagluluto ng pagkain ng ibang bansa, alamin din ang kanilang kultura. Saang parte ng mundo ang maghreb? Anong uri ang lutong maghreb? Malalaman ito sa pakikisali sa Maghreb cooking..

**Kailan:** ika-5 ng Hunyo 2010 (Sabado) 11:00 hanggang 14:30

**Saan:** Kawasaki International Center (Tokyu toyoko line Motosumiyoshi 10 mins walk)

**Magtuturo:** Kido Zaira (Algeria)

**Bayad:** 1,500 yen (20 katao) magkakaroon ng lottery pag sumobra sa bilang ng aplikante.

**Paraan ng pag-aplay:** Mula ika-20 ng Abril (Martes) hanggang ika-19 ng Mayo (Miyerkoles)

**Isulat sa RPP (reply-paid postcard) ang** ① Pamagat ng sasalihan ② Pangalan ng aplikante

③ Tirahan ④ Telepono at ipadala hanggang May 19 (tatak ng selyo)

**Ipadala sa :** 〒 Kanagawa ken Kawasaki shi Nakahara ku Kizuki Gion cho2-2

**Kawasaki International Association**



## Seminar para sa pagsusulat ng aplikasyon sa Public Housing

**Ano:** Seminar tungkol sa pagsusulat ng application form para sa pag-aaplay ng pabahay ng gobyerno. **Kailan:** ika-30 ng Mayo (Linggo) 1:30 hanggang 4:00

**Saan:** Kawasaki International Center (Keikyu Toyoko Line • Meguro Line Motosumiyoshi 12minuto lakad)

**Mga dapat dalhin:** Papel na makakapagpatunay ng sahod ng nakaraang taon (gensen choushusho atbpa.)

**Bilang:** 20 katao (tumawag para sa pagpapareserba hanggang ika-18 ng Mayo) **Telepono:** 044-435-7000



**Congratulations! To Sherlene Nakaoji for giving birth to a baby girl!**

**From: NH Nipa Hut Group**



# Sistema ng suporta sa bata



Ang sistemang suporta sa bata ay suportang pinansyal sa halagang ¥13,000 yen bawat buwan sa mga magulang na may anak na hanggang junior hayskul. Ito ay suporta na naglalayong tulungan ang mga magulang na magpalaki ng mga kabataang inaasahang magbabalik sa kinabukasan ng Lipunan.

- Mga batang sakop ng sistema: Hanggang sa Unang ika-31 ng Marso pagkatapos ng ika-15 taong gulang
- Paraan ng Aplikasyon: ① **Sa mga tumatanggap ng suporta hanggang ika-31 ng Marso :**

Hindi na kakailanganin ang aplikasyon sa mga batang tumatanggap na nito. Samantalang ang mga mag-aaral ng junior hayskul na nasa 2<sup>nd</sup> yr at 3<sup>rd</sup> yr Padadalhan ng papel na 額改定認定請求書[Gaku kaitei nintei seikyusho] sa susunod na buwan ng Abril, pagkatanggap nito, sulatan at ipadala

- ② **Sa mga nakakatanggap na at may mga anak pang hindi pa tapos ng Junior Hayskul :**


I-submit ang ipinadalang papel na 認定請求書 [Gaku kaitei nintei seikyusho]

Ang mga sakop sa sistemang ito sa March 31, 2010, maaaring matanggap ang suporta simula sa buwan ng Abril kung aabot ang aplikasyon sa Septyembre 30, 2010. Ang mga aplikasyong matatanggap mula sa Oktubre 1, 2010 ay mag-uumpisang mabibigyan ng suporta sa susunod na buwan.

※ Ang mga bagong lipat sa Kawasaki at nanganak, pwedeng mabigyan ng suporta sa susunod na buwan ng aplikasyon. Magtanong para sa detalye sa **Kawasaki shi kodomo te-ate call center: 044-951-5051** o sa **Shimin kodomo kyoku 044-200-2674** (wikang hapon lamang)

## LIBRENG PAGPAPAYO PARA SA MGA DAYUHAN SA KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION

Iskedyul ng Konsultasyon	『10:00 ~ 12:00 13:00 ~ 16:00』	
Tagalog	Martes at Miyerkoles	Tinatanggap din ang konsultasyon sa
Espanyol	Martes at Miyerkoles	wikang hapon
Koryano	Martes at Huwebes	<b>*Libreng Konsultasyon sa Gyouseishoshi</b>
Ingles	Lunes ~ Sabado	<b>Mayo 16<sup>th</sup>, 2010</b>
Intsik	Martes, Miyerkoles at Biyernes	2F Kawasaki International Center
Portugis	Martes at Biyernes	



**Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 044-435-7000**

Kawasaki Ward office (Libreng konsultasyon)

Asao Ward office (Libreng konsultasyon)


wika	araw	oras
Ingles	1, 3 Huwebes	14:00~16:30
Intsik	1, 3 Martes	14:00~16:30
Tagalog	1, 3 Miyerkoles	9:30~12:00

wika	araw	oras
Ingles	1, 3 Huwebes	9:30~12:00
Intsik	1, 3 Martes	9:30~12:00
Tagalog	1, 3 Miyerkoles	14:00~16:30

## Mag-aral ng masaya at kapaki-pakinabang na Nihonggo

Ang liksiyon ay gagawin sa pang-maliitang grupo, hindi lamang wikang hapon ang pag-aaralan kundi kaugalian at kultura ng hapon.

- kursong pang-umaga**
- I Semestre Abril 27(Martes)~Hulyo 13(Martes) (22 liksiyon)
  - II Semestre Sept. 17 (Biyernes)~Disyembre 3 (Biyernes)(22 liksiyon)
  - III Semestre Enero. 11 (Biyernes)~Marso 11 (Biyernes)(17 liksiyon)



May paalagaan para sa bata (1 taon gulang pataas, libre)

- kursong pang-gabi**
- I Semestre Abril 14~Hulyo 14 (12 liksiyon)
  - II Semestre Sept. 1~Disyembre 15 (15 liksiyon)
  - III Semestre Enero 12~Marso 9 (9 liksiyon □)



Walang paalagaan para sa pang-gabing kurso.

- mga marunong bumasa at sumulat ng hiragana at katakana, may level check .
- Ang mga baguhan ay gagamit ng librong gawa ng mga boluntaryong guro{Nihonggo 160 oras 1&2}sa halagang 1,200 yen bawat aklat bukod ang bayad sa matrikula.Ang bayad nang matrikula ay hindi na ma-re-refund..

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center 2-2 Kizuki Gion Cho,Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/